4

# Modelong Banghay Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 1

Aralin

7

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Araling Panlipunan Baitang 4**
**Kuwarter 1: Aralin 7 (Linggo 7)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Mga Tagabuo**

**Manunulat**

- Erasto T. Arinuelo (Pedro Guevarra Memorial National High School)

**Tagasuri:**

- Florisa B. Simeon, Ph.D. (Philippine Normal University)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od@deped.gov.ph.

**ARALING PANLIPUNAN /KUWARTER 1/ BAITANG 4**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa sa pagkakakilanlan ng bansa ayon sa mga katangiang heograpikal |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakagagawa ng presentasyon tungkol sa katangiang heograpikal ng bansa |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Mga Kasanayan<br>1. Natutukoy ang lokasyon ng Pilipinas sa pamamagitan ng mapa.<br>2. Naihahambing ang lokasyon ng Pilipinas sa pamamagitan ng lokasyong bisinal at lokasyong insular.<br>3. Napahahalagahan ang lokasyon ng Pilipinas sa pamamagitan ng malikhaing *pagguhit.* |
| **D. Nilalaman** | Kahalagahan ng Katangiang Heograpikal sa Pag-unlad ng Bansa |
| **E. Integrasyon** | • Pagkamamamayan<br>• Pagmamahal sa Bansa<br>• Bayanihan |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| Araling Panlipunan – Ikaapat na Baitang, Alternative Delivery Mode, Unang Markahan – Modyul 3: Hangganan at Lawak ng Teritoryo ng Pilipinas, Unang Edisyon, 2020, Region V<br>Araling Panlipunan – Ikaapat na Baitang, Alternative Delivery Mode, Unang Markahan – Modyul 7: Kapuluan: Dulot ay Kaunlaran, Unang Edisyon, 2020, Region V |

**III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO**

**MGA TALA SA GURO**

**A. Pagkuha ng Dating Kaalaman**

**UNANG ARAW**

**1. Maikling Balik-aral**
**Gawain: *Map Reading***



Mula sa: https://www.pinterest.ph/pin/367465650832854649/

**Panuto:**

1. Maghanda ang guro ng isang mystery box.
2. Bubunot ang mga mag-aaral sa loob ng mystery box na papel na nakasulat ay mga minoryang Indigenous People/Etnolinggwistikong pangkat sa Pilipinas.
3. Kapag nabunot na ito ng mag-aaral ay pupunta sa unahan at ituturo sa mapa na nakadikit sa pisara kung saang lugar o lalawigan matatagpuan ang mga ito.
4. Ilalarawan ng mag-aaral ang katangian ng nabunot na etnolinggwistikong pangkat sa Pilipinas.

| Minoryang Indigenous People/Etnolinggwistikong pangkat sa Pilipinas. | Katangian |
|---|---|
| Tagbannua | |
| T'boli | |
| Manobo | |
| Badjao | |
| Maranao | |

**2. Pidbak (Opsiyonal)**


*Mga Tala sa Guro:*

Mga kagamitan:

Mapa ng Pilipinas

Mystery box

- Cue cards na nakasulat ang mga minoryang indigenous people/ etnolinggwistikong pangkat sa Pilipinas

| | | |
|---|---|---|
| | Lagyan ng marka ang kasanayang iyong natutuhan sa nakalipas na aralin:<br> Madali sa akin ang naging aralin at naging mahusay ako sa paksang tinalakay.<br> Naging mahirap para sa akin ang nakalipas na aralin.<br>Ang kahalagahan ng pangkat etniko sa Pilipinas ay ito ang nagpapakilala sa mundo kung gaano kayaman ang kultura sa bansa. Ang mga etniko ang nagpe-preserba ng mga sinauna pang kaugalian, tradisyon at kultura ng iba't ibang pangkat etniko na dapat ipagmalaki at pahalagahan. | |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>**Gawain: Pin Me on the N-E-W-S (North-East-South-West)**<br><br>Panuto: Sa pamamagitan ng pin location icon flag, ididikit ng mga mag-aaral sa mapa ng Pilipinas ang mga bansa o mga anyong tubig na malapit sa Pilipinas.<br><br>N – Bansa sa hilaga na malapit sa Pilipinas<br>E – Karagatan sa Silangan na malapit sa Pilipinas<br>W – Bansa sa kanluran na malapit sa Pilipinas<br>S – Dagat sa timog na malapit sa Pilipinas<br> | Mga kagamitan:<br>• pin location icon flag<br>**Mga Tamang Sagot:**<br>N (Hilaga) – Taiwan<br>E (Silangan) – Karagatang Pasipiko<br>W (Kanluran) – Vietnam<br>S (Timog) – Celebes Sea<br>**Mga Tamang Sagot sa Pamprosesong Tanong:**<br>1. a. Hilaga – Taiwan<br>b. Silangan – Palau at Guam<br>c. Timog – Indonesia<br>d. Kanluran – Vietnam<br>2. a. Hilaga – Bashi Channel<br>b. Silangan – Pacific Ocean<br>c. Timog – Celebes Sea<br>d. Kanluran – South China Sea |

| | | |
|---|---|---|
| | Mula sa: https://www.google.com/maps/place/Philippines<br><br>Pamprosesong Tanong:<br>1. Anu-anong mga bansa ang malapit sa hangganan ng Pilipinas?<br>2. Anu-anong mga anyong tubig ang makikita malapit sa Pilipinas?<br>3. Mabilis mo bang nahanap ang mga ito?<br><br>**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br><br>\| L \|   \| K \| A \|   \| Y \|   \| N \| G \| ■ \| B \| I \|   \| I \| N \|   \| L \|<br>1. Tumutukoy sa lokasyon nito ayon sa mga bansang nakapaligid nito.<br><br>\| L \| O \|   \| A \|   \| Y \|   \|   \| G \| ■ \| I \| N \|   \|   \| L \|   \| R \|<br>2. Tawag sa kinalalagyan ng Pilipinas dahil ang bansa ay isang malaking kapuluan na may mahabang baybayin. | Maaaring itanong ng guro ang naramdaman ng mga mag-aaral pagkatapos mahanap sa mapa ang mga hangganan ng Pilipinas.<br><br>**Mga Tamang Sagot sa Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br>1. Lokasyong Bisinal<br>2. Lokasyong Insular |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWANG ARAW**<br><br>**Kaugnay na Paksa 1: Ugnayan ng lokasyon ng Pilipinas sa heograpiya nito**<br><br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>**Gawain: Talk About the Map.**<br>Panuto: Hatiin ang klase sa dalawang pangkat. Ipaliwanag sa mga mag-aaral na kailangan nilang ilarawan ang kinaroroonan ng Pilipinas sa mapa. Mas maraming salita na mailalarawan ng grupo ay ang panalo.<br> | Maaari na ang magiging sagot ng mga mag-aaral ay iba-iba. Bigyan sila ng pagkakataon na magpahayag ng kanilang sariling saloobin. Hayaan ang bawat isa na bigyang ng pagkakataon na makasagot. Atasan din ng guro ang isang mag-aaral ng bawat grupo na siyang mag-uulat ng mga naging sagot ng kanilang kagrupo.<br><br>**Maaaring sagot ng mga mag-aaral:**<br>• napapaligiran ng katubigan<br>• binubuo ng mga malalaki at maliliit na isla |

Mula sa: https://www.pinterest.ca/pin/1091419909426987777/

2. **Pinatnubayang Pagsasanay**
   **Gawain: Sasakay Tayo sa Eroplano**






Mula sa: https://osoq.com/clipart-images/aeroplane-clipart.html#google_vignette

**Panuto:** Hikayatin ang mga mag-aaral na gumawa ng eroplanong papel. Ang guro ang magsisilbing *flight attendant* o *tour guide* na maglalarawan sa lokasyon ng Pilipinas at ang mga mag-aaral ang magiging pasahero ng habang hawak-hawak nilang ang kanilang nilikhang eroplano.

- hiwa-hiwalay ang mga lugar
- layu-layo ang mga lugar

Mga kagamitan:

- Eroplanong papel
- Background music na "Piliin Mo ang Pilipinas"
- Mapa ng Pilipinas

Mabuhay! Maligayang pagdating sa Philippine Airlines domestic flight. Ako ang inyong flight attendant sa araw na ito. Handa na ba kayong libutin ang buong Pilipinas? Subalit bago tayo lumipad, narito ang ilan sa ating mga paalala. Hinihiling namin na mangyaring ikabit ninyo ang inyong mga seatbelt sa oras na ito at i-secure ang lahat ng bagahe sa ilalim ng iyong upuan o sa mga overhead compartment. Hinihiling din namin na ang iyong mga upuan at tray ng mesa ay nasa tuwid na posisyon para sa pag-alis. Kung handa na kayo, lilipad na tayo mula kanluran papuntang hilaga, silangan at timog ng Pilipinas. Habang tayo ay nasa himpapawid, tingnan natin mabuti ang lokasyon ng Pilipinas (ilalarawan ang mapa ng Pilipinas). Ano ang inyong mapapansin? Bagamat kapuluan ang Pilipinas, ito ay napapaligiran ng mga karatig-bansa.

Ang tawag sa lokasyong ito ng Pilipinas ay lokasyong bisinal Ang lokasyong bisinal ng isang bansa ay tumutukoy sa lokasyon nito ayon sa mga bansang nakapaligid nito. Anong bansa na nasa kanluran ang pinakamalapit sa Pilipinas? Ano namang bansa na nasa hilaga ang malapit sa Pilipinas Anu-anong mga bansa ang makikita sa makikita sa Silangan ang pinakamalapit sa bansa natin? Sa timog na bahagi ng Pilipinas, anong bansa ang malapit dito?

Tingnan naman natin ang mga anyong tubig na nakapaligid malapit sa Pilipinas. Ang tawag sa lokasyong ito ng Pilipinas ay lokasyong insular. Tinatawag na lokasyong insular ang kinalalagyan ng Pilipinas dahil ang bansa ay isang malaking kapuluan na may mahabang baybayin. Sa lokasyong insular makikita ang kinalalagyan ng Pilipinas ayon sa lapit nito sa mga anyong tubig at anyong lupa. Anong anyong tubig ang makikita sa kanluran at hilaga ng bansa? Ito ay ang South China Sea at ang Bashi Channel. Anong anyong tubig naman ang nasa silangan at timog ng Pilipinas? Ang mga ito ay ang Pacific Ocean at ang Celebes Sea

Ngayon, tayo ay lalapag na sa paliparan. Bilang paghahanda sa paglapag, tiyaking tuwid ang inyong upuan at ang inyong seatbealt ay nakakabit.

Nakalapag na tayo sa paliparan. Mangyaring tanggalin na inyong seatbelt, tumayo at humanay ng maayos sa paglabas ng eroplano. Maraming salamat. Muli, ako ang inyong flight attendant

| | | |
|---|---|---|
| | **Pamprosesong Tanong:**<br>1. Ano ang tinatawag na lokasyong bisinal?<br><br>2. Anu-anong mga bansa ang malapit sa:<br>A. Kanluran ng Pilipinas?<br>B. Hilaga ng Pilipinas?<br>C. Silangan ng Pilipinas?<br>D. Timog ng Pilipinas?<br><br>3. Ano ang tinatawag na lokasyong insular?<br><br>4. Anu-anong anyong tubig ang nakapaligid sa Pilipinas sa:<br>A. Kanluran<br>B. Hilaga<br>C. Silangan<br>D. Timog | **Mga Tamang Sagot:**<br>1. Ang lokasyong bisinal ng isang bansa ay tumutukoy sa lokasyon nito ayon sa mga bansang nakapaligid nito.<br>2. Mga bansa<br>A. Vietnam<br>B. Taiwan<br>C. Palau at Guam<br>D. Indonesia<br>3. Tinatawag na lokasyong insular ang kinalalagyan ng Pilipinas dahil ang bansa ay isang malaking kapuluan na may mahabang baybayin. Sa lokasyong insular makikita ang kinalalagyan ng Pilipinas ayon sa lapit nito sa mga anyong tubig at anyong lupa.<br>4. a. South China Sea<br>b. Bashi Chanel<br>c. Pacific Ocean<br>d. Celebes Sea |

| | | |
|---|---|---|
| | **IKATLONG ARAW**<br><br>**Kaugnay na Paksa 2: Kahalagahan ng Lokasyon ng Pilipinas**<br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>**Gawain: Lulubog ang Barko**<br><br>Mula sa: https://www.presentermedia.com/powerpoint-animation/sinking-row-boat-pid-5491<br><br>**Panuto:** Ang lahat ng mga mag-aaral ay manlalaro. Sa unang round, ang mga mag-aaral ay igugrupo sa lima. Upang hindi lumubog ang barko, kailangan magbawas ng miyembro ng grupo at humanap ng ibang ka-grupo. Makinig lamang sa ibibigay na hudyate ng guro na **"Lulubog ang barko, kailangang magbawas ng pasahero at lumipat sa ibang barko"**. | Maaaring baguhin ng guro ang estratehiya sa laro.<br><br>Bago simulan ang laro, magbigay muna ng paunawa at mga alintunin ang guro. Ipaalala na kailangang mag-ingat at huwag magtulakan o maghigitan ng mga kagrupo.<br><br>Maaaring kumuha sa ibang articles na may kaugnayan sa aralin.<br><br>Mga Kasagutan sa Pamprosesong Tanong:<br>1. A. Kabutihan:<br>a.1. Marami tayong pulo na nagsisilbing daungan ng iba't ibang sasakyang pandagat.<br>a.2. Malawak ang ating pangisdaan.<br>a.3. Marami tayong mga magagandang baybayin na dinarayo ng mga turista.<br>B. Di-Kabutihan<br>b.1. Ang pagiging kapuluan ay malaking hadlang sa pakikipag-ugnayan sa iba't ibang bahagi ng bansa.<br>b.2. Hindi naipapaabot agad ng mga mamamayan ang kanilang mga |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>

Kahalagahan ng Lokasyon ng Pilipinas

Ang Pilipinas ay angkop para sa tanggulang lakas panghimpapawid at pandagat dahil mula sa bansa, kitang-kita ang Hilagang Asya, Timog-Silangang Asya hanggang Timog-Kanlurang Asya o Gitnang Silangan. Ito ang dahilan kaya matagal na panahong nananatili ang base militar ng Amerika sa Pilipinas. **"Lulubog ang barko, kailangang magbawas ng pasahero at lumipat sa ibang barko. Igrupo ninyo ang inyong sarili sa apat"**. Ngayong wala na ang mga base militar ng Amerika sa bansa ay pinanatili ng Pilipinas ang Magandang relasyon at pagkakaibigan ng lahat ng bansang nakapaligid tulad ng Russian Federation, China at United States. **"Lulubog ang barko, kailangang magbawas ng pasahero at lumipat sa ibang barko. Igrupo ninyo ang inyong sarili sa tatlo"**.

Ang ating pinakamahalagang rutang pangkalakalan ay ang daungan ng mga barko para sa ating kalakalan sa Pasipiko patungo sa mga bansa sa Timog-Silangan. **"Lulubog ang barko, kailangang magbawas ng pasahero at lumipat sa ibang barko. Igrupo ninyo ang inyong sarili sa dalawa"**.

Ang Ninoy Aquino International Airport (NAIA) na pandaigdigan nating paliparan ay nagiging terminal ng mga sasakyang pamhimpapawid na nagmumula pa sa Timog-Silangang Asya, Japan, United States, Australia at Europe. Sa ganitong paraan malakas ang Negosyo ng ating airlines. Marami ring kalakalan ang ating mailuluwas patungo sa iba pang bahagi ng mundo.

Dahil sa napakaganda nating lokasyon, maraming mga dayuhan ang nais makarating sa Pilipinas at nanatili dito.

**Pamprosesong Tanong:**

1. Anu-ano ang kabutihan at di-kabutihan ng lokasyon ng Pilipinas?
2. Bakit mahalaga ang mga daugan ng mga barko sa ating kalakalan?
3. Maipagmamalaki mo ba ang lokasyon ng Pilipinas?

**IKAAPAT NA ARAW**

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

**Gawain: Lokasyon ng Pilipinas, Pinahahalagahan Ko (Poster Making)**

</td>
<td>

hinaing o suliranin sa pamahalaan lalo na yaong mga nasa liblib na lalawigan o kabundukan.

b.3. Sa ating mga baybayin marami tayong mga daungan na siya ring dahilan kung bakit maaaring may makapasok na mga smuggler

2. Ang ating pinakamahalagang rutang pangkalakalan ay ang daungan ng mga barko para sa ating kalakalan sa Pasipiko patungo sa mga bansa sa Timog-Silangan.
3. Maipagmamalaki ang lokasyon ng Pilipinas dahil maraming kapakinabangan ang naibibigay nito.

Mga kagamitan:

- Short bond paper
- Lapis
- Coloring materials
- rubrics

</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | Panuto: Suriin ang ugnayan ng lokasyon ng Pilipinas sa heograpiya nito. Sa pamamagitan ng pagguhit ng isang poster. Pag-ukulan ng pansin sa pagbuo ng poster ang mabuti at di-mabuting epekto ng katangiang heograpiya o pisikal. Gawin ito sa short bond paper. Bigyan ng tatlumpong (30) minuto ang mga mag-aaral para sa gawaing ito. Gawing batayan ang rubric sa ibaba. | |

**Rubric sa Pagmamarka ng Poster**

| Krayteya | Di pangkaraniwan (25 puntos) | Kahanga-hanga (20 puntos) | Katanggap-tanggap (15 puntos) | Pagtatangka (10 puntos) |
|---|---|---|---|---|
| Paksa | Angkop at eksakto ang kaugnayan sa paksa | May kaugnayan sa paksa | May kaunting kaugnayan | Walang Kaugnayan |
| Pagkamalikhain | Gumamit ng maraming kulay na may kaugnayan sa paksa | Gumamit ng kulay at iilang kagamitan na may kaugnayan sa paksa | Makulay ngunit hindi tiyak ang kaugnayan sa paksa | Hindi makulay at walang kaugnayan sa paksa |
| Kalidad ng Ginawa | Nakakapukaw ng interes at tumatatak sa kaisipan | Makatawag pansin | Pansinin ngunit di makapukaw ng isipan | Dipansinin at di-makapukaw ng isipan |
| Kalinisan | Maganda, malinis at kahangahanga ang pagkagawa | Malinins | Di-gaanong malinis | Inapura ang paggawa kaya't marumi |

| | | |
|---|---|---|
| **D. Paglalahat** | 1. **Pabaong Pagkatuto**<br>**Gawain: May Bakit List**<br>Balikang muli ang mga napag-aralan tungkol sa ugnayan ng lokasyon ng Pilipinas sa heograpiya nito.<br>Batay sa lokasyon, bakit maituturing na ang Pilipinas ay mapalad at nakalalamang sa iba? | |

| | | |
|---|---|---|
| | **2. Pagninilay sa Pagkatuto**<br>**Pamamaraang Konseptwal**<br>Panuto: Sumulat ng dyornal para sa kahalagahan ugnayan ng lokasyon ng Pilipinas sa heograpiya nito.<br><br>Mula sa; https://clipart-library.com/free/journal- | Ang mga mag-aaral ay magsusulat sa kanilang kwaderno/dyornal ng kanilang natutuhan ukol sa tinalakay na paksa. Dapat basahin ito ng guro, ngunit hindi ito pupuntusan. |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br>Panuto: Suriin kung mabuti o hindi Mabuti ang epekto ng ugnayan ng lokasyon sa heograpiya ng bansa. Lagyan ng masayang mukha  kung maganda ang ugnayan at malungkot na mukha  kung hindi. Isulat ang sagot sa sagutang papel.<br>1. Dulot ng estratehikong lokasyon ng bansa naging base militar ito ng Amerika bagong sumiklab ang Ikalawang Digmaang Pandaidig.<br>2. Ang pagkakaroong ng maraming pulo na nagsisilbing daungan ng mga sasakyang pandagat.<br>3. Ang Pilipinas bilang kapuluan ay maaaring hadlang sa mabilis na pakikipag-ugnayan sa buong kapuluan lalo na sa panahon ng kalamidad.<br>4. Dahil sa kapuluan ang Pilipinas, isa ito sa bansa na may mahabang baybayin na nagbibigay ng maraming pook pasyalan para sa mga Pilipino at maging sa mga banyaga.<br>5. Hindi lubos ang pagkakabuklod o pagkakaisa dahil sa iba't ibang wika.<br>**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**<br>1. Isulat ang kahulugan ng mga sumusunod:<br>a. heograpiyang pisikal<br>b. heograpiyang pantao<br>2. Anong uri ng klima at panahon mayroon sa Pilipinas?<br>3. Anong mga anyong lupa at anyong tubig ang matatagpuan dito? | **Mga Tamang Sagot:**<br>1. <br>2. <br>3. <br>4. <br>5.  |

<table>
<tr>
<td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td>
<td>Epektibong Pamamaraan</td>
<td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td>
<td rowspan="5">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td>
</tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr>
<td>C. Pagninilay</td>
<td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</td>
<td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro.</td>
</tr>
</table>